ISSN 2672-2879

# CaraBalitaan

*Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones*
*Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 3 Blg. 1 | Enero-Pebrero 2021*

www.pcc.gov.ph
Department of Agriculture-Philippine Carabao Center
pccoed2021@gmail.com



## Bagong DA-PCC OIC Executive Director, ipinakilala

4



## Burong mais, mainam na pakain sa mga alagang hayop

5

# Dairy Box, itatayo sa Bataan

Ni **Ma. Cecilia Irang**

**DA-PCC sa CLSU—***Sa layuning mapataas ang kita ng mga negosyanteng magkakalabaw at makapagbigay ng mga masustansyang produktong gawa sa gatas ng kalabaw, pinangunahan ng lokal na pamahalaan ng Dinalupihan, Bataan katuwang ang DA-PCC sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) ang groundbreaking ceremonies para sa Php1.3M-dairy processing plant at outlet noong Pebrero 26.*



*Larawang kuha ni Paulyn Saturno*

*Pinangunahan ni DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo (panlima mula sa kanan) ang pagpapasinaya sa itatayong Dairy Box sa bayan ng Dinalupihan sa Bataan na ginanap noong Pebrero 26.*

Ang nasabing inisyatiba ay bilang bahagi ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) o ALAB-Karbawan project ng DA-PCC, na pinondohan ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Cynthia Villar.

Ang pasilidad na itatayo sa barangay San Ramon, Dinalupihan, Bataan, ay direktang maghahatid ng pakinabang sa Makabagong Agrikultura ng Dinalupihan Marketing Cooperative (MADMC), isa sa mga conduit cooperatives para sa proyektong CBIN. Magiging lugar ito para makapagproseso at makapagbenta ang mga miyembro ng kanilang mga produktong gatas hindi lamang sa Dinalupihan bagkus ay sa mga kalapit pang bayan.

*Sundan sa p.4*

## Pagpapaigting ng programang AI sa buong isla ng Negros

Ni **Victor Geroche**

**DA-PCC sa LCSF** — *Patuloy ang DA-PCC sa La Carlota Stock Farm (DA-PCC sa LCSF) sa pagsusulong at pagpapaigting ng implementasyon ng programang Artificial Insemination (AI) sa mga rehiyong nasasakupan nito o sa buong Negros Island.*

*Sundan sa p.3*

Ang AI ay isa sa mga teknolohiya para sa mabilis na pagpaparami ng mataas na lahi ng mga kalabaw, na kabilang sa mga pangunahing serbisyo na ibinibigay ng DA-PCC at isinasagawa ng mga Village-based AI Technicians (VBAITs) at LGU AI technicians.



## Yumayabong na proyektong 'kalaniyugan' sa Aklan

Nina **Mary Antonette Andarza** at **Ma. Cecilia Irang**

***DA-PCC sa WVSU*** — *Nagsagawa ang DA-PCC sa West Visayas State University (DA-PCC sa WVSU), katuwang ang DA-Philippine Coconut Authority (DA-PCA) Region VI, ng farmers' orientation noong Pebrero 19, kung saan nagpamahagi rin ang mga ito ng 20 kalabaw, farm tools, at supplies sa mga piling benepisyaryo.*

Ang nasabing aktibidad ay isa sa mga direktiba na itinataguyod ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform na nakaangkla sa kabuhayang salig sa paggagatas ng kalabaw at pagniniyog.

Sabay-sabay na ginanap ang turn-over ceremonies sa Brgy. Feliciano, Balete, Aklan at Brgy. Calimbajan, Makato, Aklan, gayundin ang farmers' orientation tungkol sa Coconut-Carabao Development Project (CCDP).

Pinangunahan nina DA-PCC sa WVSU Center Director

*Sundan sa p.2*

# 1-on-1 coaching sa AI at PD

Ni Aileen Bulusan

*DA-PCC sa CSU — Makabagong pamamaraan ng pagsasanay sa Artificial Insemination (AI) at Pregnancy Diagnosis (PD) in Large Ruminants, na tinatawag na "one-on-one coaching", ang ipinatutupad ng DA-PCC sa Cagayan State University (DA-PCC sa CSU) sa ilalim ng "new normal".*

Apat na kalahok ang sumailalim sa pagsasanay na nagsimula noong Enero 18 at natapos ng Pebrero 6. Bawa't isang kalahok ay may isang nakalaan na bihasang village-based artificial insemination technician (VBAIT) ng DA-PCC sa CSU para sa one-on-one coaching.

Maliban sa apat na VBAITs ng DA-PCC sa CSU, nagsilbi ring tagapagsanay at tagapagpadaloy ang AI coordinator ng ahensiya na si Al Bernardino.


Sa unang limang araw ng pagsasanay ay tinalakay sa mga kalahok ang iba't ibang paksa gaya ng mga sumusunod: Anatomy and Physiology of Female Reproductive Organ; Estrous Cycle and Estrous Detection; Hormonal Interplay in the Regulation of Estrous; Pregnancy Diagnosis in Large Ruminants; Artificial Insemination in Large Ruminants; at Proper Handling and Maintenance of Field Tanks.

Sa mga sumunod na araw ay nagkaroon na ng iba't ibang practicum ang mga kalahok kung saan bawa't isa sa kanila ay may nakalaan na tig-isang tagapagsanay na VBAIT na susubaybay at magtuturo ng mga pamamaraan at gawain sa larangan ng AI at PD. Ang bawa't kalahok ay ginabayan ng kani-kanilang tagapagsanay upang aktwal na matutunan at maisagawa ang mga sumusunod: In-situ familiarization of the female reproductive organ and its structures; In-situ AI gun insertion; body scoring, semen thawing, loading; A.I. gun preparation and insemination; data recording and record keeping; at proper handling and maintenance of semen, field tank straw sheets, and thermo flask.

Matagumpay na nakatapos ng pagsasanay ang apat na kalahok na sina Ryan Rarangol ng Centro 1, Claveria, Cagayan; Glen Dela Cruz ng Alinunu, Abulug, Cagayan; Jayson Reyes ng Santa Maria, Isabela; at Jonathan Dayag ng General Balao, Solana, Cagayan.

Umaasa ang tanggapan ng DA-PCC sa CSU na sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagsasanay na kagaya nito ay matutugunan ang pangangailangan ng bansa sa mga AI teknisyan at makatutulong mapaigting ang Unified National Artificial Insemination Program (UNAIP), na mahalagang salik sa pagpapalawak ng Carabao Upgrading Program ng DA-PCC.

Isa sa may malaking gampanin sa carabao upgrading program ay ang mga AI teknisyan kaya naman kahit sa gitna ng pandemya ay patuloy pa rin ang DA-PCC sa pagsasagawa ng mga pagsasanay kaugnay dito alinsunod sa itinakdang health and safety protocols.



## Yumayabong na...

Mula sa p.1

Arn Granada, DA-PCA Region VI Regional Manager III Jeffrey Delos Reyes, Aklan Vice Governor Hon. Reynaldo Quimpo, at Balete Municipal Mayor Hon. Dexter Calizo ang turn-over ceremony.

Sa kaniyang pambungad na mensahe, binigyang-pagkilala ni Director Arn Granada ang mga pagsisikap ng lokal na pamahalaan ng Aklan at ng DA-PCA Region VI para sa pagsisimula ng nasabing proyekto.

Nagkaroon din ng Memorandum of Agreement (MOA) para sa implementasyon ng CCDP sa Second Congressional District ng Aklan na nilagdaan nina Cong. Teodorico Haresco Jr., partner LGU-Makato, Aklan, at Calimbajan Mainuswagon Panimaeay Consumers Cooperative (CMPCC).

Ang nabanggit na programa ay nakatuon sa "Developing the Dairy Buffalo Value-Chain Under Coconut Farming System".

Layon ng CCDP na mabigyan ng karagdagang mapagkakakitaan ang magniniyog sa pamamagitan ng kabuhayang hatid ng gatasang kalabaw. Layunin din nitong masiguro ang palagiang pagkakaroon ng gatas bilang suporta sa RA 11037 o "Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act" na kasalukuyang ipinatutupad ng Department of Education (DepEd) at Department of Social Welfare and Development (DSWD).



# Caravan sa mga oportunidad na hatid ng CDP

Ni Dorie Bastatas

*DA-PCC sa MLPC — Isang caravan na may temang "Economic Opportunities Beyond the Carabao Development Program (CDP): Sa Gatasang Kabaw ang Kita Kada Adlaw", ang isinagawa ng DA-PCC sa Mindanao Livestock Production Center (DA-PCC sa MLPC) katulong ang Sindangan Municipal Agriculture Office noong Pebrero 12 sa bayan ng Sindangan, Zamboanga Del Norte, na naitalagang Regional Impact Zone (RIZ) ng DA-PCC sa Rehiyon IX.*

Kabilang sa mga lugar na inikutan ng caravan ay ang barangay Fatima, Sto. Niño, Dumalogdog Labakid, Dicoyong at Bago, na ang iba rito ay nagsisimula na ring makinabang sa programa ng ahensya.

"Isa itong oportunidad para sa mga magsasaka na makalahok sa programa upang magkaroon sila ng karagdagang kita at mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagnenegosyo," ani Fe Emelda Academia, coordinator ng Carabao-Based Enterprise Development Program (CBED) ng DA-PCC sa MLPC.

Ayon naman kay DA-PCC sa MLPC Director Cecelio Velez, patuloy na susuporta ang ahensya sa lokal na mga magsasakang maggagatas at palalakasin ang ugnayan nito sa mga lokal na pamahalaan para sa paglago ng industriya ng paggagatasan.

Sa naturang kaganapan, nakatanggap ang mga residente ng iba`t ibang barangay ng mga babasahin para mas maunawan ang programa habang ang mga bata naman ay pinagkalooban ng gatas at tinapay.

Hinikayat din ng DA-PCC sa MLPC ang mga magsasakang may alagang crossbred na babaing kalabaw na lumahok sa programa ng paggagatasan para magkaroon ng karagdagang mapagkakakitaan sa pagbebenta ng gatas. Maaari rin silang makakuha ng libreng bitamina, pampurga, mga serbisyong pangkalusugan at AI para sa kanilang mga alaga.

Maliban sa mga empleyado ng DA-PCC sa MLPC at Sindangan Municipal Agriculture Office, lumahok din sa caravan sina AI technician Angelito Blando, Agricultural Technologist Delecia Crieta, President Allan Ton-ogan ng Sindangan Crossbreed Buffalo Raisers Association (SinCroBuRA) at mga miyembro nito.

Layunin ng caravan na dagdagan ang kamalayan ng mga residente tungkol sa CDP at itampok ang iba't ibang mga oportunidad na hatid ng programa at mga teknolohiya ng DA-PCC, partikular na ang artificial insemination (AI) at mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw.

## Pagpapaigting ng programang AI...

Mula sa p.1

Sa ginanap na Year-end AI Accomplishment Review ng DA-PCC sa LCSF noong Enero 15, masayang ibinahagi ng ahensya ang 113% accomplishment nito sa 2020 AI target.

Inilahad naman ng mga AI technicians ang kanilang mga estratehiya sa pagsasagawa ng AI, na nakatulong upang makamit ng ahensya ang nasabing target.

Nagkaroon din ng strategic planning workshop para makapagplano at matalakay ang iba't ibang mga estratehiya upang matugunan ang mga kasalukuyang problema sa implementasyon ng AI.


Ang DA-PCC sa LCSF, na pinamumunuan ni Dir. Ariel Abaquita, ay isa sa apat na regional centers ng DA-PCC na nakakuha ng 100% o higit pa na accomplishment sa AI target.

"Malaking tulong ang pagbibigay ng AI Incentives ng DA-PCC sa mga AI technicians sa bawa't serbisyo nila ng AI para mas ganahan silang gampanan ang kanilang tungkulin. Karamihan kasi sa mga VBAIT ay naging pangunahing hanapbuhay na ang pag-e-AI. Noong tinaasan ang incentives mula Php100 hanggang Php300, tumaas ang bilang ng AI services mula Nobyembre hanggang Disyembre. Ito ang nakatulong kaya nakamit namin ang 113% accomplishment," ani Rolly Ardeño, AI Coordinator ng DA-PCC sa LCSF.

Binigyan din ng parangal ang mga Top Performing AI Technicians para sa pinakamataas na AI services at calves produced.

Pinarangalan sina Ryan Duran, Phelmor Bongo, at Elmer Montalbo na may pinakamaraming AI Services. Sina Bongo, Doronald Panabe, at Ma. Christina Gareeza naman para sa pinaka maraming calves produced.

Mahigit 20 AI technicians ang dumalo sa nasabing aktibidad.



*Philosophy, Competence, at Character o "PCC" ang susi sa pagkakaroon ng makabuluhang kontribusyon sa larangan ng serbisyo publiko. Mahalaga rin na patuloy na sikaping paunlarin ang sariling kakayahan at kaalaman."*

*Dr. Ronnie D. Domingo*
*DA-PCC OIC Executive Director*

# Bagong DA-PCC OIC Executive Director, ipinakilala

Nina **Ma. Cecilia Irang** at **Fritz Jazer Lumawag**

***DA-PCCNHGP*** — *Pormal na sinalubong ng DA-PCC ang itinalagang bagong Officer-in-Charge Executive Director nito na si Dr. Ronnie Domingo, dating Director ng DA-Bureau of Animal Industry (DA-BAI), sa isang general assembly noong Pebrero 1, habang sinusunod ang itinakdang safety and health protocols.*

Sa pagsisimula ng programa ay inilahad ni Dr. Caro Salces, bagong talagang Deputy Executive Director for Administration and Finance, ang iba't ibang dibisyon na bumubuo sa istraktura ng DA-PCC at ang core values na isinasapamuhay ng mga PCCeans.

Buong galak namang ipinakilala ni Dr. Claro Mingala, dating DA-PCC OIC Executive Director na ngayo'y itinalaga nang OIC-Deputy Executive Director for Production and Research, si Dr. Domingo sa mga PCCeans dahil naging magkatrabaho na rin sila sa DA-BAI.

Sa kaniyang mensahe, ibinahagi ni Dr. Domingo ang ilan sa kaniyang mga natutunan bilang lingkod-bayan.

Bilang kaniyang pangwakas na mensahe ay binigyang-diin ni Dr. Domingo na kahit may mga hindi inaasahang pangyayari lalo na't normal na ito kapag nasa serbisyo ng pamahalaan, ang lahat ay magiging maayos para sa mga taong nananampalataya sa Diyos at sumusunod sa Kaniyang kalooban.

Si Dr. Domingo ay isang dating propesor sa Central Luzon State University at University of the Philippines-Los Baños. Maliban sa kaniyang propesyonal na karera, siya rin ay isang pastor at mahusay na motivational speaker.

## Dairy Box...

*Mula sa p.1*

Inaasahan ding mabebenepisyuhan ang iba pang mga sambahayan sa lugar dahil sa hatid nitong mga produktong mainam sa kalusugan at kabuhayan para sa mga residente ng Dinalupihan.

Sa isang pre-recorded video message, sinabi ni Sen. Villar ang kahalagahan ng pagkakaroon ng iba pang mapagkakakitaan ng mga magsasaka at iminungkahi ang gawain sa paggagatas bilang adisyunal at regular na mapagkakakitaan.

"Hangad ko na mapahusay pa natin ang ating kaalaman at teknolohiya para sa paglago ng lokal na industriya ng paggagatasan. Ang pasilidad na ito ay simula lamang sa marami pang processing centers na unti-unti nating itatayo kasama ang gobyerno at ang DA-PCC," ani Sen. Villar.

Hinikayat ni DA-PCC Officer-in-Charge Executive Director Dr. Ronnie Domingo ang mga kalahok na ituring pa rin ang mga sarili na "mapalad" sa kabila ng pinagdadaanang krisis pangkalusugan dahil hindi natitinag ang pamahalaan sa pagbibigay ng suporta partikular na sa sektor ng agrikultura.

Ipinakilala ni DA-PCC at CLSU Center Director Dr. Peregrino Duran ang grupo nila na bumubuo sa proyektong CBIN at nagbigay ng pangkalahatang ideya ukol sa proyekto.

Ibinahagi rin niya na sa pamamagitan ng CBIN ay nakapagkatiwala na sila sa MADMC ng 40 gatasang kalabaw at nagkaloob ng mga kagamitan para sa pagpoproseso at produksyon gaya ng ice cream maker, chest freezers, upright chiller, stainless milk cans at milk pails, milking machine, forage choppers, hand tractor, motorcycles, at iba pa. Nagsagawa rin sila ng ilang mga pagsasanay para sa mga benepisyaryo.

Para naman kay Dinalupihan Mayor Maria Angela Garcia, itinuturing niya na hudyat ang groundbreaking para sa malapit nang pagkamit sa pangarap ng bayan na maging isang modelong agropolis.

"Naging posible ang tagumpay ng aktibidad na ito dahil sa sama-samang pagsisikap ng MADMC, senado, lokal at panlalawigang pamahalaan, DA-PCC, at iba pang mga ahensiya ng gobyerno. Tunay nga na mas matamis ang tagumpay kapag pinaghirapan," ani Mayor Garcia.

Dumalo rin sa aktibidad sina Department of Agrarian Reform-Bataan Provincial Agrarian Reform Program Officer II Engr. Emmanuel Aguinaldo, Provincial Veterinarian Dr. Alberto Venturina, MADMC Chairperson Priscilla Domingo at mga miyembro nito.



# Burong mais,
## mainam na pakain sa mga alagang hayop

Nina **Mary Antonette Andarza** at **Ma. Cecilia Irang**

***DA-PCC sa WVSU*** — *Itinuro ng DA-PCC sa West Visayas State University (DA-PCC sa WVSU) ang paraan ng pagbuburo ng mais at ang hatid na benepisyo nito sa mga magsasaka sa isang pagsasanay na ginanap noong Pebrero 9 sa Sipag Villar Training Center, Brgy. San Jose, San Miguel, Iloilo.*

Lumahok ang mga kooperatiba ng magsasaka mula sa Leon, Iloilo (Leon ConFed Farmers' Dairy Association), Hamtic, Antique (Hamtic Multi-Purpose Cooperative), Barotac Nuevo, Iloilo (Barotac Nuevo Multi-Purpose Cooperative), at Province of Guimaras sa pagsasanay na pinamagatang "Demonstration of Corn Silage as Feed Resource for Carabao-Kanding-Baka".

Binigyang-diin ni Dr. Myrtel Alcazar, Genetic Improvement Program Coordinator ng DA-PCC sa WVSU, ang benepisyo at pakinabang ng pagbuburo ng mais kapag gagamitin itong pakain sa mga hayop, lalo na sa kalabaw.

Ipinakita ni Perlito Echeche, chairman ng LECOFADA, kasama ang ilang mga miyembro nito, ang wastong paghahanda ng burong damo.

Nagpasalamat naman si DA-PCC sa WVSU Director Arn Granada sa Villar Sipag para sa oportunidad na makapagdaos ng pagsasanay sa training center nito, lalo na sa panahon ngayon na limitado lang ang pagpupulong at pagsasagawa ng ganitong mga gawain.

Samantala, sa isang pre-recorded video message ipinarating ni Senator Cynthia Villar ang kaniyang paghanga sa DA-PCC sa WVSU sa pagsasagawa ng ganitong inisyatiba na, aniya, ay positibong hakbang tungo sa pagpapalago ng lokal na produksyon ng gatas, na makatutulong sa nutrisyon ng mga bata at magpapataas din ng kita ng mga maggagatas.

"Hiling ko sa Philippine Carabao Center na magsagawa pa kayo ng mga ganitong pagsasanay sa iba't ibang bahagi ng bansa para suportahan natin ang ating mga magsasaka sa pagpapabuti ng kanilang katayuan," ani Senator Villar.

Inilibot naman ni Michael Mayoga, Villar Sipag staff, ang mga kalahok sa Sipag Villar Training Center, na nagtatampok ng mga proyekto gaya ng masonry, Villar Farm School, at pabrika ng plastik na nagpoproseso ng mga tirang plastik para gawing upuan.

Pinasalamatan ni Janice Cuaresma, Carabao-Based Enterprise Development coordinator ng DA-PCC sa WVSU ang lahat ng mga nag-organisa sa pagsasanay at inaasahan niyang marami pang katulad na pagsasanay ang magaganap sa hinaharap.

Dumalo rin sa aktibidad sina Isabelo Luscares, chairman ng Philippine Council for Agriculture and Fisheries Iloilo; at Chesa Elenterio, representative mula sa office of Assistant Secretary to the Visayas.

**Ang burong mais ay isang pakain na pinagmumulan ng mataas na enerhiya para sa mga gatasang kalabaw. Mainam din ito sa dairy farm systems para maiwasan ang kulang at sobrang pagsusuga sa mga hayop at mapabuti ang kalusugan ng mga ito at mapataas ang produksyon ng gatas.**



# iASK
innovative answers • solutions • knowledge

# sa Blockmate



## Q: Ano ang blockmate?

S: Ang "Blockmate" ay isang suplementong pakain para sa mga kalabaw, baka, kambing, at tupa. Mayaman ito sa enerhiya, minerals at nitrohena (na nagiging protina sa katawan) na kailangan ng hayop upang bumilis ang paglaki at dumami ang produksyon ng gatas.

## Q: Paano gumawa ng blockmate?

S: Sundin ang mga sumusunod para makagawa ng blockmate:

1. Ihanda at timbangin ang mga sangkap o "ingredients" ayon sa tamang bahagi gaya ng mga sumusunod:

| Sangkap | *Dami* (kilo) | Halaga (Php) | |
|---|---|---|---|
| | | Kada kilo | Kabuuan |
| Pulot *(molasses)* | 38 | 10 | 380 |
| Darak na pino | 37 | 9 | 333 |
| Urea (46% N) | 10 | 20 | 200 |
| Semento | 10 | 5 | 50 |
| Asin | 1 | 6 | 6 |
| Dicalcium phosphate | 3 | 20 | 60 |
| Vit-Mineral mix | 1 | 92 | 92 |
| Kabuuan | 100 | | Php1,121 |

2. Ihanda ang paghahaluan gaya ng kawa o talyase. Maaaring gawing patungan ng talyase ang lumang gulong ng mga sasakyan.

3. Unang ibuhos ang pulot sa kawa. Unti-unting ibudbod ang urea habang hinahalo gamit ang kawayan, sagwan o pala. Tiyaking walang matitirang buu-buong urea.

4. Idagdag ang dicalcium phosphate at isunod ang asin habang patuloy na hinahalo ang mga sangkap.

5. Isunod na ilagay ang semento habang patuloy ang paghahalo gamit ang kamay o kawayan.

6. Panghuling ilagay ang darak sa kawa. Sa pagkakataong ito, mas mainam kung gamitin ang kamay o panghalo ng semento (cement mixer) upang mahalong mabuti ang lahat ng mga sangkap.

7. Ibuhos ang halo sa molde upang mabuo at maging bloke. Ang bawa't bloke ay maaaring tumimbang ng isa hanggang limang kilo depende sa laki ng molde.

8. Ilagay sa plastik ang bawa't bloke at isalansan sa kahon. Maghintay ng isa o dalawang linggo bago ibigay ang "Blockmate" sa mga hayop.

## Q: Paano ipinapakain ang blockmate sa alagang hayop?

S: Ang "Blockmate" ay kinakain ng mga hayop sa pamamagitan ng pagdila o "licking". Hindi mahirap turuan ang mga kalabaw na pakainin nito dahil ito ay masarap sa panlasa nila. Ilagay o ibitin lamang ito sa tapat ng labangan ng kalabaw at hayaang dilaan nito ang "Blockmate" hanggang makuha ang pangangailangan nitong nutrisyon sa isang araw.

## Q: Gaano karami ang maaaring ipakain na blockmate sa alagang hayop?

S: Makikita sa ibaba ang dami ng maaaring ipakain na blockmate sa alagang hayop:

| Hayop | *Timbang (kilo)* | Dami ng nakakaing "Blockmate" (gramo) |
|---|---|---|
| *Gatasang kalabaw* | 400-500 | 300-500 |
| Baka | 400-500 | 300-400 |
| Kambing | 15-20 | 50-80 |
| Tupa | 15-20 | 50-80 |

## Patungkol saan ang iASK?

*Ang iASK, isang pinaikling salita na ang ibig sabihin ay "innovative answers, solutions, and knowledge" o makabagong tugon, solusyon, at kaalaman sa wikang Filipino, ay isang serye ng kaalaman kung saan inilalathala ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang mga teknolohiya nito sa pagkakalabaw. Layon nito na paunlarin ang gawain ng mga magsasaka sa naturang gawain.*

## Q: Ano ang mga benepisyo sa pagpapakain ng blockmate sa alagang hayop?

S: Ang mga sumusunod ay ang mga benepisyo sa pagpapakain ng blockmate sa alagang hayop?

1. Nakatutulong sa pagpapaganang kumain ng kalabaw

2. Napabibilis ang paglusaw ng mga hibla ng damo at iba pang kinakain ng mga kalabaw

3. Napananatili ang lakas at kalusugan ng hayop

## Q: Ano ang mga dapat tandaan sa pagpapakain ng blockmate?

S: Ang mga sumusunod ay ang mga dapat tandaan sa pagpapakain ng blockmate sa alagang hayop?

1. Huwag pabayaang mabasa ang "Blockmate" upang maiwasan ang paglambot ng bloke at ang sobrang pagkain ng hayop.

2. Huwag ibigay ang "Blockmate" sa kalabaw na wala pang 6 na buwang gulang, at sa mga hayop na nasa huling tatlong buwan (last trimester) ng pagbubuntis.

3. Huwag pakainin ng "Blockmate" ang mga hayop kapag gutom ang mga ito o kaya ay walang katabing tubig na inumin.

4. Kapag nakakita ng sintomas ng pagkalason sa inyong mga alagang hayop tulad ng paglalaway, hirap sa paghinga, kabag o paglaki ng tiyan, tumawag kaagad ng beterinaryo.



*Abangan sa susunod na isyu:*

**Pagdiriwang ng ika-28 anibersaryo ng DA-PCC**

**Karne ng kalabaw, tampok sa pagdiriwang ng Filipino Food Month**




*Larawang kuha ni Rowena Bumanlag*

# Mahigit 18k estudyante sa Bukidnon makikinabang sa milk feeding

Nina **Jeson Candole** at **Ma. Cecilia Irang**

**DA-PCC sa CMU —** *Nasa kabuuang 18,507 na mga batang kulang sa nutrisyon sa Kindergarten hanggang Grade 6 ang inaasahang makikinabang sa 21-day milk feeding project sa mga piling bayan sa Bukidnon, na magsisimula sa Marso.*

Ang nasabing inisyatiba ay magiging posible sa paglalagda ng isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng DA-PCC sa Central Mindanao University (DA-PCC sa CMU), Department of Education-Division ng Bukidnon, at Muleta Side Buffalo Association (MUSBUDA) upang maipatupad ang School-based Milk Feeding Program (SBFP), na nakatakdang simulan noong 2020 nguni't naantala dahil sa pandemya.

Pinangunahan nina DA-PCC sa CMU Center Director Dr. Lowell Paraguas, Schools Division Superintendent Dr. Randolph Tortola, School Division Nurse Juniel Rey Abadiano, at MUSBUDA President Carlo Magno Abellanosa, ang paglalagda sa MOA na ginanap sa Dairy Box Bukidnon, Don Carlos, Bukidnon noong Pebrero 13.

Ayon kay Dir. Paraguas, ang kasunduang ito ay direktang pagsuporta sa Republic Act 11037 Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act, na naglalayong matugunan ang malnutrisyon sa mga mag-aaral sa public day care, kindergarten at elementarya sa buong bansa.

Dagdag pa niya, ang inisyatibang ito ay hindi lamang makatutulong sa mga batang kulang sa nutrisyon bagkus ay magbubukas din ng oportunidad para magkaroon ng mapagkakakitaan ang mga kooperatiba at asosasyon ng maggagatas.

Nagpapasalamat naman si Abellanosa sa patuloy na suportang natatanggap ng kanilang asosasyon mula sa DA-PCC at sa pagiging tapat sa mandato nitong makatulong sa mga magkakalabaw.

Aniya, hindi lamang nakatutulong ang ahensya sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga magkakalabaw na kagaya nila bagkus ay sa pagpapataas din ng nutrisyon sa kanilang komunidad dahil sa patuloy na pagsusulong nito ng milk feeding sa Bukidnon.

Lumahok din sa aktibidad sina DA-PCC sa CMU carabao-based enterprise development (CBED) program coordinator Dr. Elena Paraguas at MUSBUDA Secretary Nida Abellanosa.

> Makatatanggap ang bawa't benepisyaryo ng 200 ml toned carabao's milk araw-araw sa loob ng 21 feeding days. Nasa kabuuang Php7,135,558.92 ang nakalaang pondo para sa nasabing programa, na isasagawa sa 25 eskwelahan sa mga munisipalidad ng Manolo Fortich, Lantapan, Sumilao, Cabanglasan, Impasug-ong, Kisolon, Don Carlos, Damulog, at Kadingilan.


## Patnugutan

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA C. IRANG
**Layout at Ilustrasyon** CHRISSALYN L. MARCELO
**Manunulat** MARY ANTONETTE G. ANDARZA, DORIE D. BASTATAS, AILEEN L. BULUSAN, JESON C. CANDOLE, MA. CECILIA C. IRANG, VICTOR S. GEROCHE, FRITZ JAZER N. LUMAWAG
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RALPH JOSH C. BALLADO
**Tagapayo** RONNIE D. DOMINGO

## CaraBalitaan

Department of Agriculture PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*